**LESSON 15: ANG PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pinaka masayang pangyayari sa buhay mo?

2. Kamusta ang pagdidisipulo mo? Ano ang mga balakid sa iyo sa pagdidisipulo? Ano ang solusyon mo dito?

3. Paano mo nilalabanan ang gawa ng diablo sa buhay mo?

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

**1. Juan 10:10**

Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, ng isang buhay na masagana at ganap.

**2. Mateo 10:7-8**

"Humayo kayo't ipangaral na malapit nang dumating ang kaharian ng langit. "Pagalingin ninyo ang mga maysakit at buhayin ang mga patay. Pagalingin at linisin ninyo ang mga may ketong, at palayasin ang mga demonyo. Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kao nang walang bayad.

**3. Lukas 10:17-20**

Masayang-masayang bumalik ang pitum-pu't dalawa. Iniulat nila sa Panginoon, "Kahit po ang mga demonyo ay sumusuko sa amin dahil po sa kapangyarihan ng inyong pangalan." "Sinabi sa kanila ni Jesus, "Nakita kong parang kidlat na nahulog si Satanas mula sa langit. "Binigyan ko kayo ng kapangyarihang tapakan ang mga ahas at mga alakdan, at ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway; at walang makakapanakit sa inyo.  Ngunit magalak kayo, hindi dahil sa napapasuko ninyo ang masasamang espiritu, kundi dahil sa nakatala sa langit ang inyong mga pangalan."

**4. 2 Corinto 4:4**

Hindi sila sumasampalataya sapagkat ang kanilang isip ay binulag ng diyos ng kasamaan sa daigdig na ito, upang hindi nila makita ang liwanag ng Magandang Balita tungkol sa kaluwalhatian ni Cristo na siyang larawan ng Diyos.

**5. 2 Corinto 11:13-14**

Hindi sila tunay na apostol, kundi mga nan-daraya lamang at nagkukunwaring mga apostol ni Cristo. Hindi ito dapat pagtakhan sapagkat si Satanas man ay maaaring magkunwaring anghel ng kaliwanagan.

**6. 1 Pedro 5:8-9**

"Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng masisila. "Huwag kayong matatakot sa kanya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng ganitong kahirapan, kundi pati ang inyong mga kapatid sa buong daigdig.

**7. Santiago 4:7**

Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan kayo nito.

**8. Efeso 6:10-12**

Bilang pagwawakas, magpakatibay kayo sa kalakasang galing sa Panginoon at sa kanyang dakilang kapangyarihan. "Gamitin ninyo ang lahat ng kagamitan at sandatang pandigma na kaloob ng Diyos, upang mapaglabanan ninyo ang mga pakana ng diyablo. Sapagkat hindi tayo nakikipaglaban sa mga tao, kundi sa mga pinuno, sa mga maykapang-yarihan, at sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa sanlibutang ito ang mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid.

**IV. MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang katotohanan ng pakikibakang espirituwal ay totoo at ito ay sinusuportahan ng Biblia at mga tunay na pangyayari.

2. Kailangan nating maging handa sa pakikibakang espirituwal dahil aktibo ang kampon ng kadiliman na hadlangan ang paglaganap ng ebanghelyo.

3. Binigyan tayo ni Hesukristo ng kapangyarihan upang talunin ang lahat ng gawa ng kadiliman sa ating buhay, sa ating pamilya, sa ating simbahan, at sa ating bayan.

4. Si satanas any gumagamit ng mga bulaang propeta at tagapagturo ng Biblia upang iligaw ang mga anak ng Diyos.

5. Si satanas ay maaaring manlinlang at magkunwaring anghel ng kaliwanagan, kaya dapat mag-ingat.

6. Kailangan nating magpalakas sa presensya ng Espiritu sa pamamagitan ng masidhing panana-langin at pag aayuno, at sangkapan ang ating sarili ng mga baluti ng Banal na Espiritu upang hindi tayo magapi ni satanas.

7. Ang pinakamabisang panlaban sa demonio ay ang pagpapasakop kay Hesus ng ating buong puso, kaluluwa, at espiritu. Hindi natin mapapalayas ang demonio sa ating buhay kung hindi tayo nagpapa-sakop ng buo kay Hesus.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo nan ais mong bahaginan ng discipleship lessons. Siguraduhin na mayroon ng 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masisimulan na maturuan.
    1.
    2.
    3.
    4.
    5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Efeso 6:10, 12

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Gawa 1:8, 5:14-16)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.

4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.